PAANO MAKAKUHA NG KAUTUSANG PROTEKSYON PARA SA DOMESTIKONG KARAHASAN

Ang paghingi ng kautusan para sa proteksyon ng domestikong karahasan ay hindi pareho sa pag-uulat ng isang krimen sa pulisya. Mayroon kang karapatang mag-ulat ng isang krimen sa pulisya, sa anumang oras.

Kung ikaw ay nasa isang agarang panganib, tumawag sa 911. Maaari ka ring tumawag sa National Domestic Violence na Linya sa 1-800-799-SAFE (7233) at sa 1-800-787-3224 (TTY).

Maraming mapagkukunan na mayroon online, sa silid-aklatan, at sa iyong lokal na domestikong karahasan at mga tanggapang tagapagtaguyod ng biktima ng sekswal na pag-atake upang matulungan kang bumuo ng isang plano sa kaligtasan at plano sa pagiging magulang. Para sa mga mapagkukunang tulong kung paano manatiling ligtas, tanungin ang clerk ng korte o pumunta online sa: http://www.andvsa.org/statewide-resources/.

Maaari kang humiling ng isang kautusan ng proteksyon kung ang isang aksyon ng karahasan ay nagawa laban sa iyong sarili, iyong mga anak, at/ o isang miyembro ng iyong sambahayan. Dapat kang mag-hain ng isang petisyon upang humiling ng isang kautusan ng proteksyon.

Kung mayroon kang mga katanungan, kailangan ng tulong sa pagpuna ng mga porma, o kailangan ng isang tagapagsalin maaari mong :

- Kausapin ang clerk sa korte.
- Makipag-ugnayan sa libreng Family Law Self-Help Center sa Anchorage sa (907) 264-0851, or sa iba pang lugar sa Alaska (toll-free) sa (866) 279-0851.

Saan makahanap ng Petisyon?

- Ang porma ng petisyon ay mayroon online sa: https://www.courts.alaska.gov/forms/index.htm#dv.
- Maaari kang makakuha ng isang petisyong papel mula sa isang clerk ng korte sa anumang lokasyon ng korte.
- Maaari mong punan ang isang petisyon sa *Petition Wizard*, isang interactive internet na programa na gagabay sa iyo sa proseso. Mahahanap mo ang *Petition Wizard* sa website ng system ng korte o sa: https://akcipowizard.truefiling.com/.

Anong porma ang dapat mong gamitin?

- Kapag humihiling ng isang kautusan para sa isang tao gamitin ang *Form DV-100*.
- Kapag humihiling ng isang kautusan para sa higit isang tao (ikaw at ang iyong mga anak) gamitin ang *Form DV- 100M*.
- Kung pinupunan mo ang isang porma gamit ang Petition Wizard, hindi ka hihingan ng para sa isang partikular na bersyon.
- Ang karagdagang impormasyon sa kung paano mo irepresenta ang iyong sarili sa isang proseso ng domestikong karahasan ay mayroon sa: https://public.courts.alaska.gov/web/forms/docs/pub-22.pdf.

Pag-punan ng petisyon

Tagapetisyon: Ang "petisyoner" ay ang taong sinaktan mula domestikong karahasan. Kapag nagpetisyon upang protektahan ang isang menor de edad, ang taong pumo-puna ng porma ay dapat ding isulat ang pangalan ng menor de edad, petsa ng kapanganakan at kanilang kaugnayan sa medor de edad.

Akusado: Ang "akusado" ay ang taong gumawa ng domestikong karahasan. Kailangang ibigay ng petisyoner ang pangalan at apelyido at, kung maaari, ang petsa ng kapanganakan. Kapag ang akusado ay menor de edad, kapaki-pakinabang na ibigay ang pangalan ng magulang ng akusado, tagapag-alaga, o ibang tao na may ligal na responsibilidad para sa akusado.

Iba pang mga kaso sa korte: Ipaalam sa korte ang anumang kasalukuyan o nakaraang kaso ng sibil o kriminal na korte na kinasasangkutan ng petisyoner at ng akusado, kabilang na ang mga kaso sa diborsyo o mga kaso sa kustodiya.

Ilarawan ang domestikong karahasan: Ipaliwanag kung ano ang ginawa ng akusado sa iyo at/ o ibang mga meyimbro/kasapi ng iyong sambahayan. Maging tiyak sa paglalarawan ng nangyari. Kapaki-pakinabang na isulat kung kailan at saan naganap ang domestikong karahasan, kung may kinalamang sandata, anumang pinsala, pinsala sa ari-arian at anumang karagdanang banta ng karahasan. Sabihin sa hukom ang tungkol sa iba pang mga pagkakataon, kung mayroon man, na ang akusado ay gumawa ng karahasan laban sayo o sa miyembro ng iyong sambahayan. Upang mag kaluob ng kautusan, dapat munang matukoy ng korte kung ang isang krimen ng karahasan ay nangyari**.** Sa pagtatapos ng mga tagubiling ito mayroong isang listahan ng mga krimen sa domestikong karahasan.

Relasyon sa pagitan ng Petisyoner at ng Akusado: Upang makakuha ng utos na proteksiyon sa domestikong karahasan dapat kang nauugnay sa akusado sa pamamagitan ng kadugo o kasal; nakatirang magkasama (ngayon at sa nakaraan); o naging magkasintahan o pakikipagtalik na relasyon (ngayon o sa nakaraan). Kung wala kang isa sa mga relasyon na ito sa akusado, maaari kang maging karapat-dapat para sa isang kautusang proteksyon sa ilalim ng *stalking* (pagmamanman) na batas

Mga uri ng mga Proteksyong kautusan
Maaari kang humiling ng:

- Isang panandaliang kautusan ng proteksiyon para sa susunod na 20 araw kung kailangan mo ng agarang proteksyon.
- Isang pangmatagalang kautusan ng proteksyon na maaaring tumagal ng hanggang isang taon.
- Parehong isang panandalian at isang pangmatagalang kautusan ng proteksyon.

Panandaliang-terminong kautusan (20 mga araw): makakapag paloob ang korte ng isang 20-araw na kautusan na hindi aabisuhan ang akusado. Dapat mong sabihin sa korte kung sinabi mo sa akusado nag-aapply ka para sa isang kautusan para sa proteksyon. I-tsek and oo o hindi upang ipahiwatig kung naabisuhan mo ang respondent na na naghahanap ka ng kautusang proteksyon. Hindi mo kinakailangang ipaalam sa akusado.

Pangmatagalang-terminong kautusan (isang taon): Ang isang pang matagalang kautusan ay maibibigay lamang kung ang respondent ay binigyan ng abiso ng kahilingan AT nagkaroon ng pagkakataong makipagtungali dito sa isang pandinig sa korte. Ang respondent/tumutugon ay dapat maghainan ng isang kautusan para sa proteksiyon ng isang opisyal ng tagapagpatupad ng batas 10 araw bago ang pagdidinig.

Parehong isang Panandalian at Pangmatagalang terminong kautusan: Kung nais mo ang parehong agarang proteksyon na may 20-araw na kautusan at ang mas mahabang proteksiyon ng isang pangmatagalang (isang taon) kautusan, lagyan ng tesk ang parehong kahon.

Paano ito Gumagana: Kung hiniling mo ang parehong mga kautusan, at ipinagkaloob ang iyong kautusan ng proteksyon, mag-iiskedyul ang korte ng isang pagdinig para sa iyo kung saan magpapasya ito sa pangmatagalang kautusan ng pangangalaga. Ang akusado ay may isang oportunindad na dumalo sa pagdinig at labanan ang kautusan para sa proteksyon. Kung ang panandali-ang termino ay hindi igagawad, ang pangmatagalang terminong pagdidinig ay itatakda. Ang akusado ay hahainan parin ng petisyon at ang petsa para sa pang-matagalang terminong pagdidinig.

Kustodiya ng Bata: Ang korte ay maaaring magbigay ng pansamantalang pisikal na kustodiya sa petisyoner o akusado. Para humiling ng pansamantalang kustodiya ng isang menor de edad sa isang kautusan ng proteksyon, dapat mong ilista ang pangalan ng menor de edad, petsa ng kapanganakan at relasyon ng menor de edad sa petisyoner at akusado. Sabihin sa korte kung mayroon kang anumang mga alalahanin sa kaligtasan para sa mga bata at ng anumang mayroon o paunang kautusan sa korte para sa kustodiya o pagbisita. Maaaring mag-utos ang korte ng mga kondisyon para sa mga pag-bisita at pagpapalitan ng mga bata. Ilarawan ang iyong ipinanukalang pagbisita at plano sa pagpapalitan.

Suporta sa Bata: Bilang bahagi ng kautusan ng proteksyon sa domestikong karahasan, maaaring hilingin ng korte ang akusado na magbayad ng suporta sa bata. Ang isang kautusan para sa suporta sa bata ay tatalakayin sa pang-matagalang terminong pagdinig. Kapag humihiling ng suporta sa bata dapat kang magbigay ng maraming impormasyon hangga't maaari tungkol sa kita ng akusado (magbigay ng mga dokumento tulad ng mga porma sa buwis at mga paystub/kopya ng tala sa sahod).

Kapag pinupunan ang petisyon, dapat mong isaalang-alang ang sumusunod:

- Nais mo ba ang anumang uri ng pakikipag-ugnay sa akusado (telepono, text, email)?
- Nais mo ba ng proteksyon mula sa akusado sa iyong tirahan o iba pang mga lokasyon? Kailangan mo ba ng mahahalagang personal na bagay na nasa pagmamay-ari ng akusado? Kung gayon, mangyaring ilista ang mga bagay (telepono, lisensya sa pagmamaneho, gamot, atbp.).
- Nilalayon mo bang humingi ng bayad mula sa akusado para sa gastos ng bunga ng domestikong karahasan? Kung gayon, mangyaring ilista ang mga gastos at magbigay ng dokumentasyon, kung mayroon.

Ang iyong perma - Sa pamamagitan ng pag hain ng petisyon ikaw ay nanunumpa na ang lahat ng nasa petisyon ay totoo sa abot ng iyong kaalaman.

Ano ang Mangyayari pagkatapos maihain ang Kautusang proteksyon laban sa domestikong karahasan?

Tulong mula sa nagpapatupad ng batas: Kung ang hukom ay magpasya na dapat kang makakuha ng pansamantalang pagmamay-ari ng bahay, sasakyan, o personal na mga bagay (tulad ng mga alagang hayop), maaaring utusan ng hukom ang pulisya o mga tropa na tulungan kang makuha ang mga bagay na iyon. Maaari ring utusan ng hukom ang nagpapatupad ng batas upang matulungan kang makakuha ng pansamantalang kustodiya ng iyong menor de edad na mga anak.

Ang kontak na Impormasyon ng akusado: Pagkatapos ng pagdinig aabisuhan ng nagpapatupad ng batas tungkol sa kautusang proteksyon at susubukan na ihain ito sa akusado. Ang isang opisyal na pulis, tropa ng estado o VPSO ay responsable na ihain sa akusado ang kautusan para sa proteksyon. Mahalaga para sa iyo na magbigay ng impormasyon tungkol sa akusado, tulad ng edad, pagkakakilanlan, address, numero ng telepono, tahanan at address sa trabaho, o iba pang mga lokasyon kung saan matatagpuan ang akusado.

Kapag nahainan na sa akusado ang kautusan sa nagpapatupad ng batas, ang paglabag sa kautusan ay maaaring maging isang krimen. Mga paglabag sa numero ng telepono. Ang korte ay dapat na ma-kontak ka para sa iyong pagdinig sa korte at upang magbigay ng papel na kailangang gawin. Ibigay sa korte ang iyong kasalukuyang numero ng telepono at, kung maaari, isang address para mapadala ang mga papel na kailangan gawin at ang iyong kautusang proteksyon ay dapat iulat sa nagpapatupad ng batas.

Ang kontak na Impormasyon ng Petisyoner: Ang isang hukom ay maaaring mag-utos sa akusado na lumayo sa iyong tirahan, lugar ng trabaho at iba pang mga lokasyon. Ipaalam sa korte kung nais mong maging kumpidensyal ang address ng iyong tirahan, iba pang lokasyon o ang iyong hiling, mananatiling kumpidensyal ang impormasyon at hindi bukas para sa akusado.

Paano baguhin, palawigin, o wakasan ang isang proteksyong kautusan:
Matapos mag-isyu ang korte ng proteksyong kautusan, maaari mong hilingin sa korte na:

- baguhin (babaguhin) ang kautusan. Gamitin ang pormang DV-131, *Humiling na Baguhin ang Proteksyong kautusan.*
- Ipagpatuloy (pahabain) ang kautusan. Gamitin ang pormang DV-132, *Humilig para mapahaba ang Proteksyong kautusan.*
- katapusan (pagkawala) ng kautusan. Gamitin ang DV-133, *Humiling na mapawala ang Protektsyong kautusan .*

Ang mga pormang ito ay mayroon sa opisina sa klerk, at mayroon din online sa:
http://www.courts.alaska.gov/forms/index.htm#dv.

MGA KRIMEN NA KINASASANGKUTAN NG DOMESTIKONG KARAHASAN

Para maging karapat-dapat bilang isang krimen sa domestikong karahasan:

- Ang isang krimen ay dapat ginawa o tinangka; at
- ng isa sa meyimbro ng sambahayan laban sa ibang miyembro ng sambahayan[1] (tingnan ang tala sa ibaba ng pahinang ito tungkol sa kahulugan ng miyembro ng sambahayan); at
- dapat isa sa mga krimen ay nakalista sa Batas ng Alaska, o paglabag sa isang katulad ng batas sa ibang hurisdiksyon (ibang lungsod o estado).

Ang mga sumusunod ay ilang halimbawa ng mga krimen na kwalipikado:

Ang Pag-atake ay kapag ang isang tao ay pisikal na nakapinsala sa ibang tao, o kapag ang isang tao ay nagbabanta na pisikal na saktan ang ibang tao at maaaring agad na maisasagawa ang banta. **TANDAAN:** Maaari kang makakuha ng isang proteksyong kautusan kahit na ang taong nangangailangan ay petisyon ng protekson ay hindi pisikal na sinaktan ang petisyoner. (Tingnan ang AS 18.66.990(3) para sa karagdanang impormasyon.)

Pagnanakaw ay kapag ang isang tao ay pumasok o nananatiling labag sa batas na manatili sa isang gusali na nagpaplano na gumawa ng isang krimen sa gusali.

Kriminal na kasamaan ay kapag sadyang sinira ng isang tao ang pag-aari ng ibang tao.

Kriminal na Paglabag ay kapag ang isang tao ay pumasok o mananatili na labag sa batas na pananatili sa lupa, sa isang bahay,o sa isang sasakyan.

Kalupitan sa Alagang hayop ay kapag may isang taong sadyang pumapatay o nakasugat sa isang hayop na isang alagang hayop, na may hangaring takutin, pagbantaan o takutin ang ibang tao. (Tingnan sa AS 11.61.140(a) para sa karagdagang impormasyon.)

Pangingi-alam sa kustodiya ay kapag ang isang miyembro ng pamilya ay kinukuha at dinadala ang bata na walang kahit na anumang ligal na karapatan para gawin ito, at nilalayon na ilayo ang bata mula sa ligal na tagapag-alaga sa isang pinahabang panahon. Ang isang halimbawa ay kapag ang isang magulang ay umalis sa estado kasama ang anak nang hindi nagbibigay ng anumang impormasyon para ma kontak at wala sa kaalaman ng isa pang magulang ng bata. HINDI ito pangingi-alam sa kustodiya kapag nabigo ang magulang na ibalik ang anak sa napagkasunduang oras.

Ang pangingikil at pamimilit ay mga krimen na karaniwang tinatawag na "blackmail." Nagsasangkot sila ng sinumang nagdudulot o nagbabanta sa pisikal na pinsala, o iba pang uri ng pinsala upang makakuha ng pag-aari ng ibang tao o upang ipagawa sa isang tao ang isang bagay na ayaw nilang gawin. Ang isang halimbawa ay pagbabantaan kang bugbugin maliban nalang kung makikipagtalik ka sa kanila.

---

[1] Ayon sa AS 18.66.990(5), "miyembro ng sambahayan" ang:
(A) Hustong gulang o menor de edad na kasalukuyan o dating mag-asawa;
(B) Hustong gulang o menor de edad na nakatirang magkasama o nakatirang magkasama noon;
(C) Hustong gulang o menor de edad na magkasinatan o dating magkasintahan;
(D) Hustong gulang o menor de edad na napapabilang sa o napapabilang sa isang may pagtatalik na relasyon;
(E) Hustong gulang o menor de edad na nauugnay sa bawat isa na hanggang sa ika-apat na mag-pinsan na pagkakaugnay, maging sa kadugong kalahati o sa pamamagitan ng pag-aampon, na kinalkula sa ilalim ng mga patakaran ng batas sibil;
(F) Hustong gulang o menor de edad na may kaugnayan o dating may kaugnayan sa pamamagitan ng isang kasal;
(G) Mga taong mayroong anak sa isang relasyon; at
(H) Menor de edad na mga anak ng isang taong nasa relasyon na inilarawan sa (A) – (G) ng talatang ito.

(**MGA KRIMEN NA KINASASANGKUTAN NG DOMESTIKONG KARAHASAN *PAGPAPATULOY*)**

Panggugulo ay kapag ang isang tao ay:

- Tumatawag sa telepono at hindi binababa para ang isang tao ay hindi makatawag o makatanggap ng mga tawag;
- Tumatawag ng paulit-ulit at sa napaka-abalang mga oras;
- Gumawa ng isang tawag o elektronikong komunikasyon na hindi nagpapakilala o malaswa, o nagbabanta ng pisikal na pananakit o sekswal na pakikipag-ugnayan.

Pagdukot ay kapag ang isang tao ay humahawak sa ibang tao na labag sa kanilang kagustuhan. Karaniwang, nangangahulugan din ito na ang tao ay nagpaplano ng pisikal o sekswal na saktan ang isang tao, o lumilikha ng isang malaking peligro na ang taong iyon ay maaaring seryosong saktan ang isang tao.

Walang-ingat sa paglagay sa panganib ay kapag ang aksyon ng isang tao ay lumilikha ng isang mataas na peligro ng seryusong pisikal na pinsala sa ibang tao. Ang isang halimbawa ay kapag nagmamaneho ka sa highway at sinusung-gaban ng pasahero ang manibila, sinusubukang puwersahin ka na lumabas sa kalsada.

Pagnanakaw ay kapang ang isang tao ay gumagamit ng puwersa upang kuhanin ang pag-aari na dala ng ibang tao.

Sekswal na krimen kasama ang lahat ng uri ng pang-aabusong sekswal,pakiki-apid sa kamag-anak, at panggagahasa. Maaaring mangyari ang sekswal na krimen kahit na kasal ang mga partido.

Pagmamanman ay kapag ang isang tao ay paulit-ulit na nakikipag-ugnayan o sumusunod sa isang tao na labag sa kanilang kalooban, at ang sinumang nasa katulad na sitwason na naniniwalang sila ay nasa peligro ng pisikal na pinsala o kamatayan.

Teroristang pagbabanta ay kapag ang isang tao ay gumawa ng maling ulat ng isang mapanganib na sitwasyon na naglalagay sa ibang tao sa takot na pisikal na pinasala.

Paglabag sa proteksyong kautusan ay kapang ang isang tao na may proteksyong kautusan laban sa kanila na may bagay na ginagawang paglabag sa proteksyong kautusan.

Paano kung ang krimen na nagawa laban sa akin o sa aking menor de edad na anak ay hindi naka lista sa itaas? Ang mga sumusunod ay maaaring hindi mga krimen sa domestikong karahasan para maging dahilan upang kumuha ng isang proteksyong kautusan, maliban nalang kung bahagi sila ng isa sa mga krimen na nakalista sa itaas, at maaaring kailanganin mong humingi ng kaluwagan sa ibang paraan:

- Pagnanakaw
- Pagpapanggap
- Pag-abuso sa droga o alak
- Kapabayaan sa bata
- Paglabag sa utos ng korte (maliban sa proteksyong kautusan), kabilang ang kustodiya, pagbisita at mga kautusang suporta (maliban kung ang paglabag ay umabot sa pangingi-alam sa kustodiya)
- Paninirang-puri
- Mga banta na magsampa ng demanda, o gumawa ng mga ulat sa kapulisan o ibang ahensya ng gobyerno.